

Edukasyon ng Bayani: Mga Impluwensya ng Edukasyong Natamo sa Kaisipang Rebolusyonaryo*

MARIA LINA NEPOMUCENO-VAN HEUGTEN

The most important moment in the history of the republic was guided, perhaps predictably, by members of an educated class. The exceptions were likewise of exceptional intelligence. They were all learned, learned enough to understand that it is not in the Filipino people's best interest to remain under Spanish rule. The author raises valid points. All the architects of the revolution were once students. Where were they educated? How well did they do in school? Did the prevailing educational system send them on the path to rid the colony of its master of three centuries?

The state of Philippine colonial education was described as backward and restrictive particularly to those who believe that the only relevant educational arrived with the American krag. The more affluent families sent their sons to the elite private schools, Ateneo Municipal, Colegio de San Jose and Colegio San Juan de Letran, and the premiere university, the Royal and Pontifical University of Santo Tomas. The first two were under the Jesuit order while the latter were controlled by the Dominicans.

The key players of the revolution namely Jose Rizal, Marcelo del Pilar, Emilio Jacinto and Apolinario Mabini all attended the University though their paths and their performance varied. Rizal, who would later be executed for his alleged involvement in the revolution, was of an elite background and was no stranger to the rigors of learning even at an early age. In Ateneo, Rizal performed with excellence, but was only as excellent as most of his classmates. He began his studies at the University with an unprecedented completion of his pre-medical and first year medical studies during his first year. Marcelo del Pilar spent six mediocre years at Colegio San Juan de Letran in preparation for the University's seven-year law course which he completed in ten with renewed interest and consequently better ratings. Emilio Jacinto, who will later become one of the leaders of the Katipunan, was dirt poor but was remarkably comfortable with the Spanish language. The outbreak of the revolution kept him from pursuing law. Apolinario Mabini, one of the architects of the revolution, attended Letran, but had to stop schooling after the fourth year when he could no longer support himself. He taught for two years before finishing, however, Mabini could not get his degree until a year later despite excellent performance due to the inability to pay the examination fee. The law degree soon followed at the University where he surpassed Rizal in terms of *sobresalientes*. Bonifacio, who defined the revolution as that of the masses, was said to have reached the equivalent of the fourth grade. What was not able to accomplish by attending school he perfected by reading a library's worth on many fields of inquiry, including philosophy and the French revolution. Aguinaldo, the man who would be president of the republic attended both Letran and UST but was not able to complete the secondary level. Convinced he had learned enough from the schools and his tutors, Aguinaldo returned to Cavite to undergo further tutoring. In Cavite, he became a *cabeza de barangay*, a post bought by his mother to save him from forced

* "The Education of Heroes: Influences on Their Revolutionary Thinking." The author acknowledges the support extended by the National Centennial Commission for the research and writing of this paper.

labor. Aguinaldo was said to have preferred watching docked and docking ships to academics. Though one of the few who were able to secure a copy of *Noli Me Tangere*, Aguinaldo was not able to appreciate Rizal's insights due to his limited understanding of the Spanish language. In the end it was clear that most of them shared a similar opinion on the need for change and worked towards it the best way they know how.

Tomism rejected the acquisition and expansion of thinking, imposing restrictions of scientific inquiry. This way, the University became Spain's downfall. The stranglehold on the pursuit of knowledge imposed by the religious order could only have directed these men and their consciousness elsewhere. The French Revolution was not yet a distant memory and easily seized their imagination. Bishop Juan Aragon's response to the then Governor-General Izquierdo proposal to impose stricter standards on those who wish to enter the seminary proved prophetic. The most dangerous men in the colony were educated.

Ang mga taong nagsisimula o sumusuporta sa mga makabagong rebolusyon ay kadalasang hindi yaong nadadala ng mga matitinding simbuyong ginising ng pagdanas ng aktwal at pisikal na pahirap o kawalan ng katarungan, sa halip, napupukaw sila ng kanilang konsensya at ng mga damdaming kaakibat ng pagkaunawa sa pagdurusa at paglabag sa katarungan.

(Sariling salin)

O.D. Corpuz,
Roots of the Filipino Nation (1989:190)

Panimula

“Makabuluhang edukasyon!” Ito ang sigaw ng mga militanteng estudyante ng dekada '70 ng kasalukuyang siglo (De Quiros, 1994:5). Ang hinihingi nila ay edukasyong may saysay sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino at angkop sa ating kultura at lipunan. Pagkalipas ng higit pa sa 25 taon maraming pagbabago na tayong nakikita subalit marami pa ang dapat gawin upang lubos na maisakatuparan ang bisyong ito. Ngayon, sa bisperas ng Senternaryo ng pagtatagumpay ng Rebolusyong Pilipino na siya ring naghudyat ng ating kalayaan, maari nating itanong, ano kayang uri ng edukasyon ang tinanggap ng mga Pilipinong nagkapalad na makatuntong sa mga kolehiyo at unibersidad sa Maynila mula mga taong 1870 hanggang sa bago pumutok ang Himagsikang 1896?

Saan kaya nagsipag-aral ang pinakatampok sa kanila? Sa kanilang persepsyon, makabuluhan kaya ang kanilang mga aralin? Anu-ano kaya ang mga kursong kanilang kinuha? Mahuhusay ba sila bilang mga estudyante? Mababanaag ba ito sa mga gradong natamo nila? Maari kaya nating matunghayan ang mga kopya ng mga gradong ito? Gaano kahalaga kaya ang impluwensya ng edukasyong tinanggap ng mga litaw na personalidad kaugnay ng Rebolusyon sa pagbubuo ng kanilang pilosopiya ng Rebolusyon? Alin kaya ang higit na nagkaroon ng malalim na impresyon sa kanila, ang edukasyong sekundaryo o yaong nakamit nila mula sa Unibersidad? May pagkakaiba ba ang kaisipan at kamalayan ng mga dito sa Pilipinas nag-aral at doon sa mga nagkaroon ng pagkakataong mag-aral sa Espanya at iba pang bansa sa Europa tulad ng Alemanya, Pransya at Belgium? Sa paaralan lamang ba nila nakamit ang edukasyon? Paano maipaliliwanag ang kaso ni Bonifacio? O ang kay Aguinaldo? Anong mahalagang papel ang ginampanan ng mga indibidwal na nakapagbabasa sa Kastila at nagsusulat sa Tagalog sa pag-uugnay sa masang Pilipino at sa mga kaisipang elitista ukol sa Rebolusyon? Ano naman ang papel ng kilusan ng mga Mason at ng Rebolusyon sa Pransya noong 1789 sa paghubog ng kamalayang rebolusyonaryo?

Dahil sa hindi ako mananalaysay o historyador, sinimulan ko ang papel na ito na halos wala akong taglay na kaalaman ukol sa papel na ginampanan ng edukasyon sa pag-ugit ng kamalayang rebolusyonaryo. Hindi rin tunay na maliwanag sa akin kung ano ang taglay na pilosopiya ng Rebolusyon ng 1896-98. Subalit dahil sa ang taong 1997 ay bisperas ng sentenaryo ng pagtatagumpay ng Rebolusyong Pilipino, tinanggap ko ang hamong ito dahil na rin sa kaakibat na napakainam na pagkakataong mapalalim ang babahagyang personal na kaalaman ukol sa Rebolusyon. Sa aking palagay, marami ring tulad ko na di man hubog ang matatag na kasanayan sa pananaliksik at pagsulat ng kasaysayan ay interesadong matiyak ang kasagutan sa mga tanong na nauna nang inihain. Nais ko nang ipaunang gagamit ako ng ilang mga pangunahing batis subalit tatanggapin ko rin ang sinasabi ng maraming may-akda ng mga sulating pangkasaysayan na sa aking pagtataya ay mapagkakatiwalaan ang inilalahad. Batid kong may mga nagaganap na mapapait na paratang ngayon ukol as awtentisidad ng mga ilang pangunahing batis na pinagbatayan ng ilang mga aklat at sulatin ukol sa mga partikular na bayani, subalit sa aking tasa wala ako sa posisyon upang pasukan ang ganitong mga usapin.

Para sa kasalukuyang papel pinili ko ang ilang pinakamahahalagang litaw na tauhang may mahalagang papel na ginampanan tahasan man o hindi sa pagtatagumpay ng Rebolusyong Pilipino ng 1898. Ito ay sina: Jose Rizal, Marcelo del Pilar, Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Apolinario Mabini, at Emilio Aguinaldo. Iba't iba ang karanasan nilang pang-edukasyon kaya't magiging tunay na interesanteng makita kung may relasyon ito o wala sa kanilang pilosopiya ng rebolusyon.

Sistema ng Edukasyong Umiiral Mula 1870-1896

Sa nobelang *El Filibusterismo* ni Rizal, ipinaglaban ng grupo ng mga estudyanteng pinangungunahan ni Isagani ang pagtatatag ng *Academia de Castellano* o Akademya ng Wikang Kastila na naglalayong palaganapin ang pagtuturo ng wikang Kastila sa buong kapuluan. Sa kabanata 27 ng *Fili* (salin sa Pilipino ni de Guzman, 1960: 246-256) nalaman nating kinausap nang masinsinan ni Padre Fernandez si Isagani at tinangka nitong alamin kung anong tunay na nais ng mga estudyante mula sa mga paring Dominiko na nagpapakabo ng UST. Nalinawan nating higit palang malalim pa kaysa sa Akademya lamang ang minimithing makamtam ng mga estudyanteng kinakatawan niya. Inamin ni Isaganiang nais nilang panindigan ng Unibersidad (ng Sto. Tomas) ang papel nito bilang daluyan ng edukasyong umaayon sa progreso ng ika-19 na siglo o panahon ng tinatawag na *Enlightenment*. Dahil sa ito ang hinihingi ng mga estudyante, mahuhulaan nating ito sa kanilang basa ang siyang malaking kakulangan ng panahong iyon. Subalit sa kabuuan ano nga ba ang kalagayan ng sistema ng edukasyon noong panahong ito? Madalas nating marinig na ang pangmalawakang edukasyon lalo na sa elementarya ay nagsimula lamang noong panahon na ng mga Amerikano. Ano nga ba ang nalalaman natin ukol sa sistema ng edukasyon na umiral nang huling tatlumpung taon ng siglo 19 sa Pilipinas?

Sa pagtunghay sa iba't ibang materyal na naglalarawan ng sistema ng edukasyong umiral noong huling mga taon ng dantaon labing siyam ang pag-uusapan, maraming karaingan at pagpula ang masasagupa. Una na rito ang nakasulat sa *La Solidaridad* ukol sa UST na noon ay kilala sa tawag na University of Manila. Sa limang isyung magkakasunod ng *La Solidaridad* walang puknat na binatikos, at pinulaan ang iba't ibang aspeto ng pag-aaral mula sa *plan of study*, ang paraan ng pagtuturo, kasama na ng kurikulum nito. Ayon sa isyu noong ika-9 ng Abril 1889 (1, 1967: 149-150):

Ang kalagayan ng edukasyon sa kolehiyo sa Pilipinas ay tunay na masama na kapag nabunyag ay kagyat na makikitang napakalubha na: kaya nga mga radikal na pamamaraan ang siyang kakailanganin upang maitama ang mga ito.

Ang Unibersity ng Santo Tomas ay patuloy na itinatakda sa mga kandidato nito sa pagtatapos na manumpa nang nakaluhod, ipagtanggol at laging maging tapat sa mga doktrinang Tomistiko: pinanatili nito ang agham na nakatali sa di matitinag na mga aral ng Santa Iglesia magpakailanman. Dahil dito ang mapaniil na edukasyong natanggap mula sa paaralang primarya ay mananatili sa diwa ng mga iskolar hanggang sa mga huling yugto ng kanilang maka-agham na pag-aaral.

Sa kabanatang "*The University: Liberalism or Thomism*" sa kanyang aklat ukol kay Jose Rizal noong nag-aaral ito sa UST (1984: 58) ipinaliwanag ni Fr. Fidel Villaroel, tampok na Dominikong historyador, ang suliraning pinatutungkulan sa *La Solidaridad*.

Tomismo at hindi Liberalismo, ang pilosopiyang nakapailalim sa pagtuturo sa Unibersidad ng Santo Tomas noong mga taong sakop ang 1877 nang si Jose Rizal ay nag-aaral dito bilang estudyante ng pilosopiya. Sa harap ng napakalakas na agos laban sa Katolisismo na nagbabanta sa relihiyong supernatural sa ilalim ng iba't ibang porma ng rasyonalismo, naturalismo, atheismo o marxismo, ang pilosopiya ng Tomismo na iniaalok ng Simbahan ang tangi at pinakatiyak na alternatibo para sa isang Katoliko. Hindi maaring mangyari na ang isang Unibersidad ng Papa sa Roma ay lumihis mula sa maliliwanag na direktiba mula sa mga ensiklikal na nanggagaling mismo sa Papa.

Alalahaning ang buong pangalan ng UST noong panahong ito ay "*The Royal and Pontifical University of Santo Tomas*." *Royal* dahil sa ayon kay Fr. Evergisto Bazaco, O.P. (1953) ipinagkaloob ng Hari ng Espanya na si Carlos IV sa Unibersidad ang isang *cedula royal* upang tiyakan ang titulo nitong *Royal* bilang pagkilala sa napakalaking tulong na ipinagkaloob ni Rektor Collantes kasama ang mga estudyante sa pakikipaglaban sa mga Ingles nang nakikidigma ang mga ito laban sa mga Kastila. Mahalaga rin o baka nga higit na mahalaga pa ang bahaging *Pontifical*. Sa katunayan makikita sa pagtataya ni Fr. Villaroel (1984: 51-53) walang maaaring sulingan ang UST sa sitwasyong kinalalagyan nito dahil bilang isang

Pontifical University o Unibersidad ng Papa sa Roma, dapat nitong tuparin ang nakapaloob sa ensiklikal ni Papa Leo XII na *Aeterni Patris* na inisyu noong 1879. Isinasaad dito na ang Tomismo ang siyang tanging tinatanggap na pilosopiya para sa lahat ng paaralang Katoliko. Sinipi ni Fr. Villaroel (*Ibid*: 53) ang huling talata ng ensiklikal:

Hayaang ang mga maingat na piniling mga guro ay pagsikapang itanim ang doktrina ni Santo Tomas Aquino sa diwa ng mga mag-aaral at malinaw na ihayag ang katatagan at pangingibabaw nito sa lahat. Tiyaking ang mga Unibersidad na naitatag na ninyo o yaong mga itatatag pa lamang ay isasabuhay at ipagtatanggol ang kanyang doktrina at gagamitin ito upang pasinungalingan ang mga umiiral na kamalian.

Maliwanag na mahirap pagsamahin ang hinihiling ng mga estudyante noon sa UST at ang direktang iniutos ng Papa sa Roma. Sa aking palagay mahalagang bigyang pansin ang dalawang huling katanungan ni Fr. Villaroel (*Ibid*: 58-59) bago niya isinara ang partikular na kabanata. Ito ang mga: Ang Tomismo ba ay prenong pumipigil sa pag-unlad na siyentipiko? Lubos bang ipinagwalambahala ng Unibersidad na nakilala ni Rizal ang mga kamangha-manghang pagsulong sa kaalaman, edukasyon at progresong materyal na nagpabago ng kalikasan ng Europa sa huling hati ng ika-19 na siglo?

Tunay na mahirap na tahasang sagutin ang mga ito dahil batay sa sariling pananaw ng mga relihiyoso, ang relihiyon, na sa kasong ito ay kinakatawan ng doktrina ni Sto. Tomas Aquino, ay siyentipiko. Binanggit rin ni Fr. Villaroel ang katotohanang dahil sa layo ng agwat ng Pilipinas at Espanya napakatagal bago makaabot dito ang anumang uri ng pagbabago na nagaganap sa Europa. Liban pa rito, pinuna niyang kung tunay na napag-iwanan ng mundo ang Pilipinas sa larangan ng edukasyon, paano natin maipapaliwanag ang nagaganap na bilis ng pagkaagapay ng mga estudyanteng Pilipino na nag-aaral sa Espanya at iba pang kanunong na bansa?

Hanayan 1: Listahan ng mga Pilipinong kabahagi sa Rebolusyong 1898 at ng mga kolehiyo at unibersidad kung saan sila nagsipag-aral ng sekundarya at kolehiyo.+

Estudyante	Kolehiyo/Unibersidad
1. ADRIANO, Numeriano	UST
2. AGLIPAY, Gregorio	Letran, UST
3. AGONCILLO, Felipe	UST*
4. AGUINALDO, Baldomero	Ateneo, UST
5. AGUINALDO, Crispulo	Letran
6. AGUINALDO, Emilio	Letran
7. DE LAS ALAS, Severino	Letran, UST
8. ALBERT, Alejandro M.	Ateneo, UST*
9. ALVAREZ, Mariano	Colegio de San Jose*
10. APOSTOL, Cecilio	Ateneo, UST*
11. ARANETA, Gregorio	Ateneo, UST*
12. AVANCENA, Ramon Q.	Letran, UST*
13. BARRETO, Alberto	Ateneo, UST
14. BASA, Jose M.	UST*
15. BASA, Roman	UST
16. BAUTISTA, Ambrosio R.	UST
17. BELARMINO, Vito	Letran
18. CALDERON, Felipe	UST*
19. DELGADO, Martin	Ateneo
20. DIWA, Ladislao	Letran, UST*
21. EVANGELISTA, Edilberto	Letran, UST*
22. FLORES, Ambrosio	UST
23. FULLON, Leandro	Letran
24. MA. GUERERRO, Fernando	UST*
25. MA. GUERERRO, Leon	UST*
26. MA. GUERERRO, Manuel	UST*
27. JACINTO, Emilio	Letran, UST*
28. LLANERA, Mariano	Letran
29. LOPEZ JAENA, Graciano	hindi tinanggap sa UST
30. LUCBAN, Justo	Letran, UST*
31. LUCBAN, Vicente	Ateneo, Letran*
32. LUNA, Antonio	Ateneo
33. MABINI, Apolinario	Letran, UST*

Hanayan 1: Listahan ng mga Pilipinong kabahagi sa Rebolusyong 1898 at ng mga kolehiyo at unibersidad kung saan siya nagsipag-aral ng sekundarya at kolehiyo.+

(katuloy)

Estudyante	Kolehiyo/Unibersidad
34. MAGBANUA, Pascual	UST*
35. OCAMPO, Martin	Ateneo, UST
36. PALMA, Rafael	Ateneo, UST*
37. DEL PAN, Rafael	Ateneo, Letran, UST*
38. PANGANIBAN, Jose Maria	Letran, UST*
39. PARDO DE TAVERA	Ateneo, UST*
40. DEL PILAR, Gregorio	Ateneo, UST*
41. DEL PILAR, Marcelo	Letran, UST*
42. PONCE, Mariano	Letran, UST
43. RAMOS, Jose Anacleto	Ateneo, UST
44. REGIDOR, Antonio Ma.	Letran, UST*
45. DE LOS REYES, Isabelo	Letran, UST
46. RICARTE, Artemio	Letran, UST
47. RIEGO DE DIOS, Mariano	Ateneo, Letran
48. SALVADOR, Moises	Ateneo
49. SANCIANCO, Gregorio	UST*
50. SANDICO, Teodoro	UST*
51. SOTO, Juan Crisostomo	Letran
52. SUMULONG, Juan	Letran, UST*
53. TECSON, Pablo	Letran
54. TINIO, Manuel	Letran
55. TOLENTINO, Aurelio	UST
56. TORRES, Florentino	Letran, UST*
57. TORRES, Isidro	Letran, UST*
58. TRIAS, Mariano	Letran, UST
59. VALENZUELA, Pio	Letran, UST*
60. VELARDE, Aguedo	Letran, UST*
61. DE VEYRA, Jaime	Letran, UST
62. YENGCO, Flaviano	Letran
63. ZULUETA, Jose Clemente	Ateneo, UST*

+ mula sa una at ikalawang bolyum ng aklat na *Filipinos in History* (1990).

* matatagpuan sa UST Archives Computer Database

Sa puntong ito, minabuti kong ipresinta sa seksyong ito ang isang listahan ng mga pangalan ng mga indibidwal na sa iba't ibang paraan ay nagkaroon ng kinalaman sa Rebolusyong Pilipino ayon sa una at ikalawang bolyum ng publikasyon ng *National Historical Institute* (1989; 1990). Ipinakikita sa ikalawang kolum ang kolehiyo at Unibersidad kung saan sila nag-aral ng sekundarya at kolehiyo ayon pa rin sa nabanggit na mga sanggunian. Ang *asterisk* na nasa kanan ng ilang kolehiyo at unibersidad ay nagbabaya na may rekord na matatagpuan para sa partikular na indibidwal sa Arkibo ng Unibersidad ng Santo Tomas sa Maynila.

Mainam ipresinta ang listahang matatagpuan sa Hanayan 1 dahil kapagdakang sinasagot nito ang unang tanong ukol sa kung saan nag-aral ang ilan sa mga pinakamahalagang personalidad sa ating Rebolusyon. Sa kabuuan, apat lamang na pangalan ng mga paaralan ang lumalabas katapat ng mga pangalan sa listahan kabilang dito ang Ateneo at Colegio de San Jose, na kapwa pinatatakbo ng mga Heswita, at ang Letran at UST, na pinamamahalaan naman ng mga Dominikano. Ang paliwanag dito ay ibinahagi ni Fr. Fidel Villaroel, O.P. (1964: 12-13) opisyal na mananalaysay na Dominikano at kasalukuyang *archivist* ng Arkibo ng UST.

Ayon kay Fr. Villaroel, kabilang sa mga mahahalagang pagbabago sa larangan ng edukasyon na naganap noong taong 1865 ay may kinalaman sa kahandaang pang-akademiko ng estudyante bago mag-aral sa Unibersidad. Dati, ang mga paaralang namamahala sa pag-aaral sa primarya at sekundarya, ay iyong mga tinatawag na *latinidad*. Kalimitan hindi gaanong mahuhusay ang mga guro sa mga *latinidad* kaya't mababa rin ang kalidad ng edukasyong nakukuha ng mga estudyante. Noong 1865 ipinatupad ang Kautusan ng Hari ng Espanya na buuin ang Lupon ng Edukasyong Pampubliko upang pag-isahin ang pagpapalano ng lahat ng mga kurso sa primarya at sekundarya, at ilagay ang pamamalakad ng lahat ng paaralang sekundarya sa ilalim ng Rektor ng UST. Dahil dito tanging mga nagtataglay lamang ng titulong *Professor de Segunda Ensenanza* ang maaring magturo ng sekundarya. Hinirang bilang apat na primera klaseng pribadong paaralang sekundarya ang San Juan de Letran, San Jose, Ateneo Municipal at Bacolor. Dahil sa matapos ang primarya ay ipinadadala sa Maynila ang mga mag-aaral upang mag-aaral ng sekundarya, ang mga paaralan ng San Juan de Letran, San Jose at Ateneo Municipal ang siyang matatagpuan natin bilang mga paaralang

pinanggalingan ng higit na nakararaming estudyante. Maari ring ipalagay na ang estudyanteng galing sa mga paaralang di primera klase ay hindi makapagpapatuloy ng pag-aaral sa UST.

Kabilang sa pinag-aaralan sa sekondarya ang mga sumusunod na asignatura ayon kay Nicanor Tiongson (1978: 135-136): *Latinidad* tulad ng balarila ng wikang Kastila, doktrina Kristiyana, aritmetika, Latin at Griyego, kasaysayan at musika, mabuting pagkilos at Pilosopiya. Nilimitahan nang hanggang tatlong taon lamang maaring mag-aral ang mga estudyante sa mga pribadong paaralang sekondarya. Ang Unibersidad ng Santo Tomas, na noon ay tanging paaralang pampubliko, ang siyang may karapatang makapaggawad ng titulong *Bachiller en Artes* sa mga magtatapos ng sekondarya.

Dahil sa nag-iisang unibersidad noon ang UST, dito maaaring magtapos ng mga kurso sa kolehiyo. Dati ang kurikulum nito ay tulad din ng sa sekondarya, itinaas lamang ang antas subalit noong taong 1870 ipinilit ni Segismundo Moret, ministro ng opisinang Pang-ibayong dagat, na gawing sekular ang UST (Corpuz 1989, II:12). Isinakatuparan ito una, sa pamamagitan ng pagpapalit ng pangalan nito tungo sa *Universidad de Filipinas* at kabilang sa pagbabago ang pagbubukas ng mga kurso tulad ng Medisina, Parmasya, pagnonotaryo, pagkukumadrona, liban pa doon sa mga dati nang itinuturo ukol sa batas at mga kanoniko tungo sa pagiging *licenciado* at *doctorado*.

Makikitang nakalista sa mga dokumentong nakalagak sa UST para sa bawat indibidwal na estudyante ang: *Accompana partida de bautismo, certificado de limpieza de sangre, interrogatorio a testigos y descripcion de exámenes*. Malinaw kung ano ang *partida de bautismo* o birth certificate at *descripcion de exámenes* o paglalarawan ng kinuhang pagsusulit subalit ano ang *certificado de limpieza de sangre* at *interrogatorio a testigos*? Sa akda pa rin ni Fr. Villaroel (1964: 32-33) ukol kay Apolinario Mabini ko natagpuan ang kasagutan. Batay sa kanyang paglalahad kapag handa na raw ang partikular na estudyanteng kunin ang panghuling eksamen upang matamo niya ang kanyang digri, kailangang sumulat siya sa *Magnificus* ng UST. Kapag natanggap ito ng Rektor, pasisimulan ang proseso ng isang imbestigasyon ayon sa itinatakda ng Batas. Kailangang makakuha ang estudyante ng tatlong testigo na susumpa na: 1) kilala nila ang estudyante subalit sila ay di kamag-anak nito; 2) na siya ay anak ng mag-asawang lehitimo ang kasal

(marahil ay sa Simbahan); 3) na sa abot ng kanilang nalalaman ang estudyante ay kailanman hindi naging traydor o taksil sa Hari ng Espanya; 4) na sa kanilang nalalaman ang estudyante ay walang masamang rekord sa pulisya; 5) na siya ay walang masasama at mahahalay na bisyo; at 6) na ang kanilang idiniklara sa ikalawang bilang ay alam ng lahat.

Susuriin at pagtitibayin ng *Fiscal Promoter* ang testimonyang ito; ang resulta ng imbestigasyon ay isusumite sa Rektor ng Unibersidad. Ang mga papeles na ito ang siyang tinatawag na *certificado de limpieza de sangre* at *interrogatorio a testigos*. Ibig sabihin ay may patunay mula sa mga testigong namumpa na malinis ang iyong dugo dahil sa ikaw ay anak ng mga taong tiyak na nagpakasal sa Simbahan at mainan ang iyong pagkatao dahil sa wala kang ginawang anumang laban sa Hari ng Espanya, mga umiiral na batas at panuntunan ng moralidad.

Upang maunawaan naman ang sistema ng paggagrado sa UST tingnan ang Hanayan 2 na ang nilalaman ay sinipi mula sa aklat nina Fr. Villaruel (1984: 111, Ingles) at Isagani Medina (1996: 230, Filipino).

Hanayan 2. Sistema ng Pagmamarka ng Grado sa UST		
Sobresaliente	Napakagaling	(Excellent)
Notable, Aprovechado	Magaling na	(Very good)
Notablemente Aprovechado	magaling	
Bueno	Mahusay	(Good)
Mediano	Kainaman	(Fair/Poor)
Aprobado	Pumasa	(Passed)
Suspensio	May Kondisyon*	(Conditional)
Reprobado	Bumagsak	(Failed)

*kailangang kumuha ng isang extraordinaryong pagsubok sa Hunyo

Edukasyon ng Bayani: Sa Labas at Loob ng Paaralan

Mula sa Hanayan 1 pumili ako ng apat na estudyanteng naging tampok na tauhan sa ating Rebolusyon. Sila ang mga sumusunod: Emilio Aguinaldo, Marcelo H. del Pilar, Emilio Jacinto, Apolinario Mabini. Liban pa rito, ipinasya ko ring ilakip ang pangalan nina Jose Rizal at Andres Bonifacio. Kahit hindi kabilang ang pangalan ni Rizal sa talaan sa Hanayan 1, higit na madaling makuha ang mahahalagang impormasyong may kinalaman sa kanya dahil sa maraming sulating maaring pagpilian. Mainam namang ibilang ang pangalan ni Andres Bonifacio dahil sa hindi man mataas ang antas na naabot niya sa pag-aaral ay tunay na kahanga-hanga ang kanyang mga naging kontribusyon sa Rebolusyon kapwa sa larangan ng panulat at aktwal na pakikidigma.

Jose Alonzo Rizal Mercado (1861-1896)

Ang natagpuan kong pinakakomprehensibong pagtatalakay ukol sa edukasyon ni Jose Rizal ay nagmula sa una nang nabanggit na aklat na sinulat ni Fidel Villaroel, O.P. na pinamagatang, *Jose Rizal and the University of Sto. Tomas* (1984). Mapapansin ding ang aklat ay nagtataglay ng *ecclesiastical approval*. Ayon na rin kay Fr. Villaroel, pakay niyang punuan ang pinuna niyang mga kakulangan ng mga naunang pag-aaral at ituwid ang mga di tapat na pananaw na nilikha ng mga naunang sumulat ng biograpiya ni Rizal tulad nina Wenceslao Retana, Austin Craig, Charles E. Russel, Frank Laubak, at Jose Baron Fernandez para sa mga banyaga, at Rafael Palma, Jose M. Hernandez, Gregorio Zaide, at Leon Ma. Guerrero sa hanay ng mga Pilipinong manunulat.

Mahalagang pansinin na dahil mula sa isang nakaririwasang pamilya si Jose Rizal, siya ay lumaking napaligiran ng mga aklat at ng isang inang palabasa at mahusay magsalita ng Kastila. Alam ng lahat na ang kanyang ina ang siyang unang guro ni Rizal. Kalaunan ay ikinuha naman siya ng kanyang ama ng pribadong tutor.

Mula sa akda ni Fr. Villaroel nalamang si Rizal ay kumuha ng isang *entrance exam* na ginanap sa Collegio de San Juan de Letran upang makapag-aral sa Maynila noong siya ay 11 taong gulang. Nakapasa siya at tinanggap upang makapag-aral sa Ateneo Municipal. Hindi na tinalakay sa akdang ito ang mga naganap kay Rizal sa Ateneo dahil sa may isinulat

na sariling paglalarawan ng kanyang mga karanasan bilang estudyante si Jose Rizal sa kanyang akdang *Memorias de un estudieante de Manila*.

Ibinahagi na lamang ni Fr. Villaroel (*Ibid*: 35-36) ang tatlong pinakamahahalagang pamana ng paaralang Ateneo Municipal at ng mga Heswita kay Rizal. Una rito ang paglago ng kanyang pananampalataya, pangalawa, ang kanyang pagkatuklas ng sariling kagalingan sa pagsusulat at sa sining lalo na sa pagpipinta, at pangatlo, ay ang pag-unlad ng kanyang damdamin para sa kanyang bayan di man tiyak kung ito ay para sa Espanya o sa Pilipinas.

Sa larangan naman ng kanyang mga grado, noong nakuha ni Rizal ang kanyang *bachiller* noong 1877, nagtamo siya ng *sobresaliente* sa lahat ng 22 niyang asignatura. Tinanggap ni Fr. Villaroel na tama si Leon Ma. Guerrero, sa kanyang aklat kay Rizal na pinamagatang, *The First Filipino* (1979), na mataas man ang mga gradong natamo ni Rizal hindi masasabing tunay na natatangi siya dahil sa 21 estudyanteng nagtapos sa kanyang klase, 18 ang nakatanggap ng katulad na marka.

Narito ang aking salin na paglalagom ni Fr. Villaroel ukol sa pamamalagi ni Rizal sa UST (*Ibid*: 293-294).

Pumasok si Rizal sa UST noong 1877, nagpatala sa kursong Pre-law na binubuo ng mga asignatura sa pilosopiya na karaniwang tinatawag na Metapisika. Nagpamalas siya ng kahanga-hangang katalinuhan sa pamamagitan ng pagkakamit ng mga pinakamataas na grado kahit na noong una ay tila malamig ang loob niya sa pag-aaral ng pilosopiya at maraming ibang bagay na nakagagambala at nakalilibang sa isang kabataang tulad niya. Pagkalipas ng unang taon, nagbago ang isip niya – o ng kanyang mga magulang – at lumipat siya sa kursong Medisina. Noong 1878-1879 sabay niyang kinuha ang kursong *pre-med* at ang unang taon ng Medisina, labag ito sa panuntunan subalit pinagkalooban ng dispensasyon si Rizal. Ang kursong *pre-med* at tinatawag ring *Ampliacion*, dahil sa ang estudyanteng dati nang kumuha ng Pisika, Kemie at Likas na Kasaysayan sa mataas na paaralan ay pinakukuha ng isang higit na mataas na antas na kurso sa mga nasabing asignatura. Hindi kumuha si Rizal sa UST ng klase sa pisika na kanyang inilarawan sa *El Filibusterismo*, sa halip ito ay ang kursong *Ampliacion*. Sa kanyang kurso sa Medisina: 1) mainam siyang estudyante, magaling kaysa iba subalit hindi pinakamagaling, wala sa alin mang kaklase niya ang kinilala

bilang pinakamagaling. Higit na gamay niya ang Arte at Literatura kung ihahambing sa Medisina; 2) Sa Madrid ang kanyang mga grado ay kapareho lamang ng kanyang mga natamo sa UST o baka mababa pa rito; 3) Walang matagpuang tala saan man na nagreklamo si Rizal ukol sa mga gradong tinamo niya sa UST, subalit idinaing niya ang mga gradong nakuha niya sa Madrid; 4) Kailan man ay hindi inapi si Rizal sa Sto. Tomas, sa katotohanan biniyayaan siya ng dispensasyon na kakaunti lamang ang nagkakapalad na mabigyan; 5) Hindi kailan man itinuturing na iba si Rizal dahil sa kanyang lahi dahil sa makikitang ang mga kaklase niyang Kastila (anim lahat) ay isa-isang napahinto sa pag-aaral sa loob ng apat na taon; 6) Sa ika-apat at huling taon ni Rizal sa UST, pito na lamang (sa kabuuang 24 nagsimula) ang nakapagpatuloy at isa rito si Rizal; 7) At tinapos niya ang taong ito sa ikalawang pwesto. Kung mayroon mang naging suliranin ang klaseng ito, hindi ito si Rizal.

Mariin ring ipinangatwiran ni Fr. Villaroel (*Ibid*: 295) na ang pagtulak ni Rizal patungong Espanya bago ito magsimula ng ikalimang taon sa Medisina ay hindi dahil sa hindi siya maligaya sa UST o hindi patas ang pakikitungong natanggap niya rito tulad ng sinasabi ng maraming manunulat ng kanyang talambuhay. Higit na binigyang halaga ni Fr. Villaroel ang testimonya ng apo sa pamangkin ni Rizal na si Asuncion Lopez-Bantug na nais takasan, panandalian man, ni Rizal ang impluwensya ng kanyang pamilya kaya't ipinasya nitong mangibang-bayan at doon tapusin ang kursong medisina.

Marcelo H. del Pilar y Gatmaytan (1850-1896)

Sa kanyang monograp na pinamagatang, *Marcelo H. del Pilar at the University of Santo Tomas* na inilathala noong 1996 sa okasyon ng ika-100 taong anibersaryo ng kamatayan nito, maraming pagtutuwid ng mga dating impormasyon at pagpapalawak sa kasalukuyang antas ng kaalaman ukol kay del Pilar ang naisakatuparan ni Fr. Villaroel. Ayon na rin sa kanya ang pinakamalaking motibasyon sa partikular na sulatin ay upang bigyang liwanag ang tinawag niyang *formative years* ni del Pilar (1996: 13) na hindi nalapatan ng sapat na pagpapahalaga ng ibang mananalaysay.

Sinabi rin Fr. Villaroel na ginugol ni del Pilar ang 1860 hanggang 1866 upang paghandaan ang kanyang pag-aaral sa Unibersidad. Ito ay naganap mula nang siya ay 11 taong gulang hanggang siya ay umabot

nang 16. Ang kanyang pinag-aralan sa yugtong ito ay tinawag na *Latinidad* o Gramatika (ito ay ang panahon bago ito tinawag na *Segunda Ensenanza*). *Latinidad* dahil sa ang wikang panturo sa halos lahat ng mga kursong nakapaloob dito ay Latin. Ang tanging teksbuk na ginagamit ay ang *Gramatica Latina para uso de la Juventud Filipina* ni Fr. Francisco Gainza (1844). Karaniwang tumatagal ang pag-aaral na ito ng mga limang taon. Ayon sa dokumentong nakuha ni Fr. Villaroel sa *Libros de Matriculas* ng Arkibo ng UST, sa Colegio de San Juan de Letran nag-aral ng *Latinidad* si del Pilar sa halip ng madalas banggitin na siya ay nag-aral at nagtamo ng kanyang *bachillerato* sa Collegio de San Jose. Sa katunayan walang matagpuang dokumento na kailanman ay nag-aral dito si del Pilar.

Kabilang si del Pilar sa huling grupo ng 11 mga estudyanteng nagkamit ng digri ng *Bachelor of Philosophy* mula sa UST. Itinala ni Fr. Villaroel ang mga gradong nakuha ni del Pilar sa Pilosopiya mula TP (Taong Pampaaralan) 1866-1867 hanggang TP 1870-1871 (*Ibid*: 28). Ang mga gradong nakamit ni del Pilar ay ang mga sumusunod: *mediano*, *notablemente*, *aprovechado*, at *aprovechado*. Sa madaling salita, hindi mailalarawan si del Pilar na napakatalinong estudyante; sa katotohanan katampatan ang kanyang talino. Sa palagay ni Fr. Villaroel (*Ibid.*), hindi gaanong importante para kay del Pilar ang mga grado dahil sa ang siya niyang tunay na pinahahalagahan ay makatapos ng pag-aaral ng Batas.

Matapos ang bakasyon para sa tag-init 1871, nagsimula agad ng pag-aaral ng Batas si del Pilar. Hindi siya nag-enrol noong sumunod na taon; maaaring ipagpalagay na may kinalaman ito sa ginawang pagbitay kina Burgos, Gomez at Zamora noong 1872. Muling bumalik sa UST si del Pilar noong TP 1873-1874. Sampung taon ang ginugol ni del Pilar upang matapos ang pitong taong kurso sa Batas kung saan siya ay nakapagtapos noong taong 1881. Tinangka ring ipaliwanag ni Fr. Villaroel ang dalawang magkasunod na taon kung kailan hindi nakapag-enrol si del Pilar (*Ibid*: 37) sa pamamagitan ng pagsasabing maaaring ang alitan ng isang mag-aaral ng Batas at isang pari sa parokya na inilarawan nito sa kanyang sulating *La Soberania Monacal* ay awtobiograpikal at tunay na nakaantala sa kanyang pag-aaral. Higit na naging mainam ang mga grado ni del Pilar sa kurso niya sa Batas kaysa noong siya'y nag-aaral ng Pilosopiya.

Pinahalagahan din ni Fr. Villaroel ang prosesong pinagdaanan ni del Pilar upang matamo ang tinatawag na *Licentiate in Civil Law* (Jurisprudence). Ayon sa kanya, ito ay isinagawa sa halip na pakunin ang kandidato para sa pagtatapos ng tinatawag ngayong bar exams. Katulad ito ng matatagpuan sa pagtatalakay ng mga karanasang pang-edukasyon ni Mabini; ang kaibahan lamang ay ang natamong grado ni Marcelo del Pilar ay *Aprobado*.

Emilio Jacinto y Dizon (1875-1899)

Ayon sa aklat na *Filipinos in History* ng National Historical Institute (1989: 245-247) lubhang hirap sa buhay sina Emilio Jacinto na ang kaya lamang bilhin at ipasuot na damit sa kanya ng kanyang ina ay iyong mga hindi matubos na sanla sa ahensiya. Gayon pa man likas ang kanyang hilig sa pag-aaral at pagkatuto. Bata pa siya ay magaling na siya sa wikang Kastila at gamay na gamay rin siya sa ating sariling wika. Nakapagtapos siya ng primarya sa pribadong paaralan ni Maestro Pascual Ferrer.

Inilipat siya ng kanyang tiyuhing si Jose Dizon sa Kolehiyo ng San Juan de Letran kung saan natanggap niya ang kanyang *bachillerato*. Sumunod siyang nag-aral ng Batas sa Unibersidad ng Santo Tomas subalit hindi na siya nakapagpatuloy dahil sa sumabog na ang Rebolusyon noong taon 1896. Balak rin palang magpatuloy ng kanyang pag-aaral ng Batas si Jacinto sa Literaryong Unibersidad ng Pilipinas sa Malolos. Sinulatan niya si Apolinario Mabini ukol dito. Inaprubahan ni Mabini ang kahilingan ni Jacinto at ipinagbigay-alam sa kanya na ang huling araw ng pag-reenrol ay Disyembre 1, 1898. Nakalulungkot isipin na hindi nakaabot sa Malolos si Jacinto at sa halip ay nagbalik sa Majayjay upang pamunuan ang isang lihim na kwartel doon. Nasugatan siya sa paa ngunit ito ay mabilis na gumaling subalit ang hindi niya kinayang malagpasan sa kasamaang palad ay ang sakit na malaria na siya niyang ikinamatay noong Abril 1899.

Maraming isinulat si Jacinto lalo na para sa Katipunan. Kabilang sa mga ito ang *Kartilya*, mga artikulo sa pahayagang *Kalayaan*, isang koleksyon ng mga sanaysay na ukol sa politika at lipunan, ang *Liwanag at Dilim* at ang kanyang pinakamahusay na tula ang *A La Patria*.

Apolinario Mabini y Maranan (1864-1903)

Mainam na paglalarawan ng buhay estudyante ni Mabini ang matatagpuan sa sinulat na monograp ni Fr. Villaroel ukol kay Mabini na pinamagatang, *Apolinario Mabini: His Birth Date and Student Years* (1984). Ang susunod ay hahalawin mula rito.

Bata pa raw si Mabini ay napansin ng kanyang mga magulang na talagang malaki ang hilig at kakayahan niya sa pag-aaral. Natutunan niya ang kartilya sa pamamagitan ng pakikinig sa kanyang lolo habang tinuturuan nito ang kanyang kuya. Dahil sa walang paaralan sa Talaga noon, nanatili ang kanyang lolo bilang guro ni Mabini. Ayon kay Fr. Villaroel (1984:11), sa isa sa mga liham ni Mabini ay binanggit niya na ang kanyang lolo ang isa niyang guro sa primarya. Ang unang tatlong taon naman ng sekundarya ay sa ilalim ni Fr. Valerio Malabanan sa Tanauan na eskwelahang sekundarya na siyang unang kinilala ng gobyerno bilang pinakamagaling na paaralan sa probinsya simula noong 1871. Sa kanyang rekord sa sekundarya na unang nalathala sa sulatin ni Fr. Villaroel, makikitang lahat ng kanyang grado liban lamang sa *Doctrina Cristiana* at *Historia Sagrada* noong unang taon 1878-79 kung saan siya nakatanggap na gradong *Bueno*, lahat ng iba pa niyang grado ay *Sobresaliente*.

Ipinagpatuloy ni Mabini ang pag-aaral sa San Juan de Letran kung saan ang marami sa kanyang mga propesor ay nagtuturo rin sa UST. Nagtamo rin ng mahuhusay na marka si Mabini sa ika-apat na taon ng kanyang sekundarya. Apat na *Sobresaliente* at isang *Notablemente aprovechado*. Sinimulan ni Mabini ang ikalimang taon subalit napilitan siyang tumigil dahil sa kakulangan ng panustos na salapi. Bumalik si Mabini sa Batangas upang magtrabaho bilang *auxillary teacher* sa paaralan ni Fr. Malabanan na noon ay inilipat na mula Tanauan tungo sa Bauan. Pagkalipas ng dalawang taon ay nakabalik siyang muli sa Maynila at nag-enrol sa UST upang tapusin ang ikalimang taon ng kanyang sekundarya. Hindi natanggap ni Mabini ang digri ng *Bachiller en Artes* dahil sa kahit tunay na napakaiinam ng kanyang mga grado hindi niya nabayaran ang P29.00 na kinakailangan para makaeksamen; doble naman nito ang kailangang halaga kung nais niyang magkaroon ng diplomang *Professor de Segunda Ensenanza*.

Nang sumunod na taong pampaaralan 1885-86 ay bumalik muli siya sa UST upang kumuha ng kursong paghahanda sa pag-aaral ng Batas. Natapos niya ang mga kurso ng *Cosmology*, *Metaphysics*, *Theodicy* at *History of Philosophy* na may gradong *Sobrasaliente*. Noong 1886 bumalik na naman sa Batangas si Mabini upang kitain ang perang kakailanganin niya upang makapag-eksamen. Nagturo siya sa bagong bukas na paaralan ni Sebastian Virrey.

Sa wakas ay nakapag-eksamen na rin si Mabini. Ang eksameng pasalita na ibinigay sa kanya ay nagtagal ng isang oras. Bawat miyembro ng tribunal ng eksamen ay may 20 minuto upang magtanong ng ukol sa kahit aling paksa mula sa lahat ng mga asignaturang nakuha niya sa loob ng limang taong pag-aaral. Ayon sa sikretong pagboto ng tatlong nagbigay ng pagsusulit, ginawaran si Mabini ng gradong *Sobresaliente*. Liban sa pagtatamo ng digring *Bachiller en Artes*, pinaniniwalaang kumuha rin si Mabini ng 1 1/2 oras na eksamen sa harap ng isa pang tribunal upang makamit naman ang diplomang *Professor de Segunda Ensenanza*.

Taong 1888 nang magbalik si Mabini sa UST upang mag-aral ng Batas Sibil. Nang matapos niya ang unang taon ng pag-aaral nanalo siya ng premyo sa pagtatamo ng pinakamataas na marka sa eksamen sa *Natural Law*. Sa ikatlong taon dalawang premyo naman ang napasakanya, yaong sa Civil Law at sa Political Law. Liban pa rito, nagtatrabaho rin si Mabini upang matiyak na may panustos siya sa kanyang pag-aaral at matugunan rin ang praktikum sa tanggapan ng isang abugado na itinatakda ng kanyang kurso.

Lingid pa sa kaalaman ng Unibersidad at kahit ng mga kamag-aral ni Mabini kabilang siya sa kilusang Mason at *La Liga Filipina* kung saan nagkaroon siya ng mahahalagang katungkulan. Marso 1892 tinanggap si Mabini sa *lodge Balagtas*, na siyang unang sangay ng *lodge Nilad*. Ang kanyang ginamit na pangalan ay "Katabay." Labas pa sa mga aktibidad na nabanggit, noong 1893 nagbukas siya ng sarili niyang paaralang sekundarya na nanatiling bukas nang dalawang taon. Sa harap ng lahat ng mga gawain at mga pinagkakaabalahan nakuha pa rin ni Mabini ang marahil ay pinakamatataas na gradong natanggap ng sinumang nag-aral sa UST.

Noong 1894, makalipas ang anim na taon sa pag-aaral ng Batas ay kinuha ni Mabini ang panghuling eksamen upang matamo ang digring *Licenciado en Jurisprudencia*. Napakainam ng paglalarawan na ginawa ni Fr. Villaroel (1984: 33-35) dito. Matapos makamit ang *certificado de limpieza de sangre at interrogatorio a testigos*, ang unang eksamen, na sa katunayan ay isa lamang preliminaryo, ay ginawa ng isang tribunal na binigyan ng tigkalahating oras bawat isa upang tanungin si Mabini ukol sa alin mang asignatura sa kabuuan ng kurso sa batas. Nagkaisa ang tatlo na handa na ang kandidato para sa mga susunod pang eksamen. Sa aktwal na eksamen, kabilang ang Rektor ng UST sa tribunal. Pipili ng paksa ang estudyante para sa kanyang eksamen.

Ang paksang pinili ni Mabini ay ukol sa kalikasan, uri, personalidad, kakayahang sibil at ekstensyon ng *juridicial persons*. Uulitin ang proseso upang matiyak ang paksa para naman sa ikalawang bahagi ng eksamen. Ang ikalawang paksang pinili ni Mabini ay ukol sa pang-ekonomiya at pambatas na konsepto ng kontrata. Agad-agad na binuo ni Mabini ang kanyang mga tesis o *conclusiones* upang maipadala sa imprenta ng Unibersidad. Inilathala agad ito upang maipamudmod sa lahat ng mga propesor estudyante, at mga kaibigan upang magsilbi na rin bilang imbitasyon. Kinabukasan, binigyan si Mabini ng kalahating oras upang talakayin ang una niyang tesis. Pinagpahinga siya ng kalahating oras. Matapos ito ay tinalakay naman niya ang kanyang ikalawang tesis sa loob ng limang minuto at matapos iyon ay sinimulan na ang pagtatanong ng mga eksaminer. Ang bawat eksaminer ay nakipag-argumento kay Mabini sa loob ng 30 minuto. Matapos iyon muling binigyan ng tig-15 minuto ang bawat eksaminer upang tanungin si Mabini ukol sa mga praktikal na prosesong legal. Ang huling bahagi ay ang pagboto ng mga eksaminer na pinamahalaan ng Rektor. Nagtamo si Mabini ng *Sobresaliente* mula sa tatlong eksaminer upang mapagtagumpayan ang kanyang digri sa Batas.

Andres Bonifacio y de Castro (1863-1897)

Sa aklat ni Rafael Londres (1923: 63-53) miyembro ng kaguruan ng *Escuela Derecho Manila*, sinabi niyang ang tanging edukasyon na natanggap ni Andres Bonifacio ay mula sa eskwelahan ni Guillermo Osmeña. Sinuportahan din ito ng pagbanggit ni Ambeth Ocampo (1990b: 172-173) sa sinabi ni Teodoro Agoncillo na ang edukasyon ni Bonifacio ay hindi lalagpas sa ika-apat na baitang sa kasalukuyang

sistema. Subalit dahil sa likas ang hilig ni Bonifacio sa pagbabasa ay bumuo siya, kasama sina Emilio Jacinto at Pio Valenzuela ng isang maliit na aklatan sa bodega ng Fressel & Co. kung saan nagtatrabaho si Bonifacio. Ang mga aklat sa Batas ay kay Jacinto samantalang ang sa Medisina ay kay Valenzuela. Ibinigay ni Ocampo ang mga sumusunod na titulo ng mga aklat na nasa bodega at malamang ay siyang binasa ni Bonifacio: *Lives of the Presidents of the United States*, *History of the French Revolution* ni Robiespiere 2 tomo, *La Solidaridad* 3 tomo, *Noli Me Tangere*, *El Filibusterismo*, *International Law*, *Civil Code*, *Penal Code*, *Ruins of Palmyra*, *Religion Within the Reach of All*, *Bible* 5 tomo, *Les Miserables* ni Victor Hugo, *Wandering Jew* ni Eugene Sue, mga nobela at iba pang sinulat ng mag-amang Dumas. Liban dito idinagdag pa ni Londres ang aklat na *Memoirs of the Soldier*. Ipinalalagay na ang mga ideya ni Bonifacio ukol sa rebolusyon ay lubhang nabahiran ng impluensya ng mga aklat na kanyang binasa lalo na iyong ukol sa Rebolusyon ng mga Pranses. Sinipi ni Agoncillo (1956: 68) ang sinabi ni James Leroy:

[D]ahil sa tinipon niya ang kanyang mga ideya ng modernong reporma mula sa pagbabasa ng mga sinulat ng mga Kastila ukol sa Rebolusyon ng mga Pranses, nabuo sa kanyang kaisipan ang mga pamamaraang ginamit ng mga pulutong sa Paris ay siya ring pinakaangkop upang maibsan ang nararanasang hirap ng mga Pilipino.

Tinatanggap na si Andres Bonifacio ay may mahusay na pagkaunawa ng wikang Kastila, palabasa at nagsusulat ng mga berso at mga artikulo sa wikang Tagalog tulad ng matatagpuan sa pahayagang “Kalayaan.” Ang kanyang matamang interes sa ating sariling wika ang nagtulak sa kanyang bumahagi sa teatro – una sa kapit-bahayan lamang nila at malaon ay sa samahang moro-moro sa Teatro Porvenir.

Nawika tuloy ni Londres ukol kay Andres Bonifacio ang sumusunod: “Ang kanyang edukasyon ay kakaunti at di ganap subalit ito ay malawak at malalim.” Ang puntong ito ay sinang-ayunan nina Constantino (1975: 166) at Schumacher (1981: 182).

Ayon kay Teodoro Agoncillo (1956: 46) si Bonifacio ay miyembro kapwa ng Masonriya (Iohiya Taliba) at ng *La Liga Filipina*. Sa katunayan marami sa mga proseso at pamamaraang pinairal niya sa pagbubuo at pamamalakad ng Katipunan ay sa dalawang organisasyong ito nagmula. Sa pananaw ni Agoncillo (*Ibid*:68), ang romantisismo ng mga ritwal ng

Masonriya at ang nasyonalismo ng *Liga* ay tumimo ng malaki sa imahinasyon ni Bonifacio.

Emilio Aguinaldo y Famy (1869-1964)

Sa aklat ni Carlos Quirino na pinamagatang, *The Young Aguinaldo: From Kawit to Biyak-na-Bato* (1969: 22-23; 26-27) ibinahagi niya ang mga karanasang pang-edukasyon ni Aguinaldo. Inamin niya sa kanyang aklat na ang pinagmulan ng marami sa mga impormasyong ito ay ang awtobiograpiya ni Aguinaldo na pinamagatang, *Mga Gunita ng Himagsikan*. Ito ay inilathala ng kanyang anak na si Cristina A. Suntay matapos na sumakabilang buhay si Aguinaldo.

Ayon kay Quirino, isang nakababatang kapatid na babae ng kanyang lolo sa ama ang nagturo kay Aguinaldo ng kartilya. Sa isang paaralang pampubliko sa Kawit unang nag-aral si Aguinaldo kung saan ang kanyang guro ay si Felipe Enrile. Pagkatapos niya ng primarya, ipinadala siya sa Maynila upang mag-aral. Nag-aral muna siya sa ilalim ng pribadong guro o *tutor* na si Macario Hernandez sa Binondo, na sinundan ni Cipriano Gonzales, dahil sa kulang pa ang kanyang kahandaan upang mag-enrol sa regular na paaralan.

Nakapasok siya sa Colegio de San Juan de Letran sa Intramuros. Nagsimula siya sa ikalawang taon ng high school noong taong pampaaralan (TP) 1882-1883. Pagkatapos tumigil ng isang taon, pumasok siya sa UST para sa pangatlong taon ng pag-aaral noong TP 1884-1885. Ayon kay Fr. Villaroel (PDI, 7 Disyembre 1997: 10) walang matagpuang rekord ng kanyang mga grado.

Hindi nagtagal si Aguinaldo sa paaralan dahil sa noong ikatlong taon niya sa kanyang *bachillerato* ay dinisisyunan niyang umuwi na at tuluyan nang mamalagi sa Kawit dahil sa tama na para sa kanya ang natamong kaalaman sa Latin at mula sa mga aklat. Pinilit si Emilio ng kanyang ina na ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa Kawit sa ilalim ng isang *tutor* na si Jose Basa subalit hindi naglipat ang taon ay tumigil muli ito ng pag-aaral. Noong siya ay 17 taong gulang naging *cabeza de barangay* siya dahil binili ng kanyang ina ang posisyong ito upang hindi siya mapasailalim sa sapilitang paggawa o *forced labor* na itinakda ng gobyernong Kastila.

■ Sa kaso naman ni Rizal na sinasabi ng marami na hindi pumapanig sa rebolusyon, sinabi ni Majul na marahil ay tinanggap din ni Rizal na sa malao't madali ay mangyayari ito kaya't inihanda niya ang mga kababayan para dito sa pamamagitan ng kanyang mga pagsisikap na maturuan ang mga ito na ipagmalaki ang kanilang lahi, painamin ang kaalaman ukol sa kanilang nakaraan, itaas ang kanilang kamalayan ukol sa pagiging bansa, at lubos na kamuhian ang paniniil.

Binanggit rin ni Quirino (1969: 41) na napasakamay ni Aguinaldo ang isang puslit na kopya ng *Noli Me Tangere* ni Rizal. Nakakaunawa man siya ng Kastila ay hindi naging madali para kay Aguinaldo na basahin ang nasabing nobela. Kulang ang kanyang natutunan mula sa Letran upang manamnam sa kabuuan ang mga nais ipahiwatig ni Rizal. Sa kanyang paghahanap ng mababalingan upang magabayan ang pagnanasa niyang may gawin para sa bayan, nasumpungan niya ang Katipunan. Sumali siya rito bago matapos ang taong 1894. Di nagtagal ay nanumpa naman siya bilang mason ng Pilar Lodge na ang dalang pangalan ay Colon mula sa pangalan ni Christopher Columbus. Pinansin rin

niyang “sa pagsali sa Masonriya mataas na istandard ang kailangang abutin samantalang sa Katipunan, sapat na ang pagmamahal sa bayan at ang layuning mapalaya ito” (*Ibid*: 42-43).

Pilosopiya ng Rebolusyon

Ang aking sanggunian sa nilalaman ng seksyong ito ay ang ikalimang kabanata ng aklat ni Cesar Adib Majul na pinamagatang, *The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution* (1968). Napili ko ang partikular na aklat sapagkat alam kong tinitingala sa kanyang larangan si Majul at magpasa hanggang ngayon ay pinahahalagahan pa ng lubos ang kanyang mga sinulat.

Sinuri ni Majul sa kabanatang ito ang mga hayag na ideya ukol sa rebolusyon ng mga bayaning pinatutungkulan ng papel na ito. Una niyang tiningnan ang kahulugan ng himagsikan. Dalawang depinisyon ang napili ni Majul para sa rebolusyon. Ang una ay mula kay Mabini (Majul, 1968: 70) at sinasabi ayon sa aking sariling salin:

Ang rebolusyon ay isang marahas na paraang ginagamit ng mga tao, upang isabuhay ang dakilang kapangyarihang kanilang taglay, upang

wasakin ang isang umiiral na pamahalaan, upang palitan ito ng isang higit na naaayon sa Katwiran at Katarungan.

Samantalang ang ikalawa'y mula kay Aguinaldo (*Ibid.*) at ganito naman ang nilalaman:

Ang mga rebolusyong politikal, sa tamang pagkaunawaan ay ang mga mararahas na pamamaraang ginagamit ng mga tao upang maibalik ang dakilang kapangyarihang likas nilang taglay, inagaw at niyurakan ng isang mapaniil at di makatwirang pamahalaan.

Ayon kay Majul kung ang gamit ng salitang *sovereignty* o kapangyarihang likas ay katulad ng sa *independence* o kalayaan, maaring ituring ang rebolusyon bilang kasangkapang ginagamit ng mga tao upang maibalik ang kalayaan at kapangyarihan sa sariling gobyerno.

Sa hanay naman ng mga propagandistang pinamumunuan ni Marcelo del Pilar (Majul, 1968: 71) tinanggap ni Majul na ang isinusulong nila ay mga reporma sa loob ng balangkas ng Gobyernong Kastila. Subalit nang mapatunayan nilang hindi ito kailan man magaganap, tila nahulaan ni del Pilar ang magaganap sa hinaharap ng sabihin niya ang sumusunod dalawang taon bago siya binawian ng buhay:

Ang isang rebolusyon ay hindi maaring maging isang mithiin o isang tunguhin. Ito ay isang sukdulang pamamaraan ng pagkilos o pagdulog. Ang mga taong napinsala ng paniniil ay babaling sa rebolusyon kung matapos ang tuloy-tuloy na panlilinlang ng gobyerno ay masumpungan nila ang malungkot na paniniwalang ang lahat ng mapayapang pakikipag-ayos upang maiwasto ang mga kamaliang nagawa sa kanila ay walang kahihinatnan.

Sa kaso naman ni Rizal na sinasabi ng marami na hindi pumapanig sa rebolusyon, sinabi ni Majul (1968: 72) na marahil ay tinanggap din ni Rizal na sa malao't madali ay mangyayari ito kaya't inihanda niya ang mga kababayan para dito sa pamamagitan ng kanyang mga pagsisikap na maturuan ang mga ito na ipagmalaki ang kanilang lahi, painamin ang kaalaman ukol sa kanilang nakaraan, itaas ang kanilang kamalayan ukol sa pagiging bansa, at lubos na kamuhian ang paniniil. Sa pananaw ni Majul hinawan ni Rizal ang daan para sa Rebolusyon kung hindi man ay malaki ang naitulong niya upang higit na maagang mangyari ito. Liban

pa rito, nagpahayag din si Rizal ng sa palagay ni Majul (*Ibid*: 74) ay isang mainam na katwiran kung bakit dapat magrebolusyon:

Kapag ang mga mamamayan ay pinagkaitan ng liwanag, tahanan, kalayaan at katarungan - mga bagay na mahahalaga sa buhay, kaya't ipinamana ng mga ninuno - may karapatan silang ituring ang nanampalasang tila isang kawatang nanghaharang sa daan.

Hawig dito, ayon kay Majul (*ibid*), ang dahilang ibinigay ni Jacinto upang maghimagsik:

Kung may karapatan, ito ay dahil sa may kalayaan; ang kalayaan ang haligi na nagdadala sa bigat ng gusali at ang pangahas na sisira dito upang pabagsakin ang gusali ay dapat na puksain.

Liban pa rito, ibinahagi ni Majul (*Ibid*: 73) na pinaniniwalaan ni Mabini na ang kalayaan ay likas na karapatang taglay ng mga mamamayan, at ang tanging paraan upang makamtan ito ay ang paghihimagsik. Sa pananaw ni Mabini kailan man ay di maaring magtugma ang pamamayani ng mga Kastila at ang kalayaan ng mga Pilipino.

Nilinaw rin ni Majul (*Ibid*: 76) na may ilang lider ng rebolusyon na naniniwalang ang pamamahalang Kastila sa Pilipinas ay batay sa isang makasaysayang kasunduan o *historical compact*. Ang nasabing kasunduan ay naganap sa pagitan nina Haring Sikatuna at Don Miguel Lopez de Legazpi bilang representatibo ng Hari ng Espanya. Ayon kay Andres Bonifacio, nilabag ng Espanya ang nilalaman ng kasunduang ito na nagsasabing gagabayan ng Espanya ang Pilipinas sa pagpapaunlad ng karunungan at yaman kapalit ng tulong na materyal sa mga Kastila. Ang nasabing paglabag ay pinatunayan ng mga sumusunod: pagpilit sa mga Pilipinong makipaglaban upang mapalawak ang teritoryo ng Espanya; pagtutulak sa mga Pilipinong magkawatak-watak at mag-away-away upang mapanatili ang pagkahawak dito ng mga Kastila; pagpapariwara sa mga Pilipino upang malayo sila sa kanilang mga katutubong tradisyon at pagpapahalaga; at sa pagpapatapon ng mga Pilipino sa iba't-ibang lugar. Sa pagtuos ni Bonifacio lumalabas na ang Espanya lamang ang siyang nakinabang sa kasunduang naganap.

May kahalintulad ring sinabi si Aguinaldo ayon kay Majul (*Ibid*):

Kailan man ay hindi nagapi ang Pilipinas sa pamamagitan ng pakikihamok; kung pinamamahalaan man ito ng mga Kastila ito ay sa pamamagitan ng pagwawalanghiya sa banal na kasunduan sa dugo nina Sikatuna at Legaspi at pagmamalabis sa pagtitiwala ng ating mga ninuno.

Ang huling dahilang nagbibigay-matwid para sa paghihimagsik ay may kinalaman, ayon sa pagtataya ni Majul (*Ibid*: 78), sa pagiging mabisang kasangkapan ng rebolusyon tungo sa pag-unlad. Sinuportahan niya ang pangangatwirang ito sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga sinabi nina Mabini (*Ibid.*):

Ang Rebolusyon ay hindi bunga ng mga maitim na hangarin, kundi bunga ng mga pangangailangang nilikha ng mga likas na batas na siyang nag-aayos ng buhay ng mga tao at patuloy na pagsulong ng sangkatauhan.

Aguinaldo (*Ibid*: 79):

[A]ng popular na kilusan ay bunga ng mga batas na nagsasaayos sa buhay ng mga taong naghahangad ng kaunlaran at kaganapan sa pamamagitan ng tanging daan ng kalayaan.

at Rizal (*Ibid*: 80):

Tinatanggap na batas ng kalikasan, na walang bagay na nananatiling nakatigil, sa halip lahat ay kumikilos at sumusulong upang maabot ang kasakdalan. Ang mga kolonya ay napapailalim rin sa batas na ito. Ang nasaing manatiling hindi kumikilos ang isang estado ay higit na mahirap kaysa supilin ang daloy ng isang ilog; hindi naiiba sa lakas ng mga alon ang milyun-milyong mga tao na nag-iisip at nakakaramdam.

Bilang paglalagom sa seksyon ito, tinukoy ni Majul ang dalawa sa pinakamatingkad na kahulugan ng rebolusyon, at sinuri niya ang tatlong tinatanggap na kadahilanan kung bakit nagkakaroon ng rebolusyon: ang paglabag sa likas na batas, ang teorya ng makasaysayang kasunduan, at ang pagtanggap sa himagsikan bilang kasangkapang magpapasulong ng kaunlaran.

Mga Tugon, Paliwanag, at Panukala

Bilang huling bahagi ng kasalukuyang papel, sisikapin kong sa seksyong ito ay bigyang kasagutan ang mga tanong na una nang binigyang pansin sa panimulang bahagi ng papel. Liban pa rito nais ko ring ibahagi ang palagay ng dalawang tampok na mga manunulat ng kasaysayan ukol sa relasyon ng edukasyon at paghubog ng kaisipan at kamalayang rebolusyonaryo sa ating mga bayani ng Himagsikang 1898.

Mga Sagot sa mga Katanungang Inilahad

Mula sa mga impormasyong una nang naibigay, nalaman nating ang Unibersidad ng Sto. Tomas ang tanging institusyong pangkolehiyo sa Pilipinas noong panahong nag-aaral ang ating mga bayani. Liban dito, kahit ang mga paaralang sekundarya: ang Letran (Dominikano), Colegio de San Jose (Dominikano), at Ateneo Municipal (Heswita), ay nasa ilalim rin ng pamamahala ng nasabing Unibersidad na pinataakbo ng mga paring Dominikano.

Nag-aral si Jose Rizal sa Ateneo at UST; sina Marcelo del Pilar, Apolinario Mabini, at Emilio Jacinto ay sa Letran at UST naman, subalit si Jacinto ay hindi nakapagtapos sa UST dahil sa nagsimula na ang himagsikan noong 1896; at si Emilio Aguinaldo naman ay tumigil sa kanyang pag-aaral sa Letran noong siya ay nasa ikatlong taon ng sekundarya. Nakita rin nating kahit na umabot lamang sa ika-apat na baitang ng elementarya sa pag-aaral si Andres Bonifacio, malaki ang nagawa ng kanyang sariling pag-aaral upang mapaunlad ang kanyang pagkaunawa sa wikang Kastila upang makapagbasa ng mga mahahalagang aklat na sinulat sa Kastila.

Medisina ang kursong inaral ni Rizal at nakakuha siya ng maiinam na grado subalit hindi kasing taas ng kanyang mga nakuhang grado sa Pilosopiya dahil marahil sa hindi niya personal na desisyong magbago ng kurso. Kapwa nakatapos ng kursong Batas sina del Pilar at Mabini subalit magkaibang-magkaiba ang mga gradong nakuha nila. Lumalabas na si Mabini ang pinakamatalino sa lahat ng ating mga bayaning nag-aral sa UST dahil sa kahit na patigil-tigil siya sa kanyang pag-aaral dahil sa kakulangan sa pinansya ay dalawang beses lamang siya nagtamo ng gradong *Bueno* at ang iba niyang grado ay pawang *Sobresaliente*. Kahit ihambing siya kay Rizal, lalabas na higit na maningning ang kanyang

rekord. Di gaanong matataas ang mga gradong nakuha ni del Pilar subalit sinasabing hindi niya gaanong pinahahalagahan ang mga grado dahil sa malinaw sa kanya ang layuning matapos lamang ang kanyang kurso sa abogasya. Tanging ang mga grado sa sekundarya ni Jacinto ang natagpuan. Sa pangkalahatan ay matataas ang kanyang mga grado liban lamang sa *Ingles, Fisica y Quimika*, at *Historia Natural* kung saan siya ay nakakuha ng gradong *Mediano*. Wala mang rekord ng mga gradong nakuha ni Aguinaldo, nabanggit ni Ocampo (1997:9) na sinabi ni Aguinaldo na talagang wala sa pag-eeskwela ang loob nito kundi sa pagpapasyal sa kalye Magallanes upang panoorin ang mga barkong nakadaong. Kung may paboritong asignatura si Aguinaldo, ito ay ang Heograpiya. Hindi man nakapag-aral sa Unibersidad si Bonifacio, kinikilala ng kanyang mga kasamahan ang malalim na kaalaman niya ukol sa rebolusyon. Sa isang pagkakataon kung saan nagtatalo sina Daniel Tirona at Bonifacio ukol sa paksa ng rebolusyon (Agoncillo, 1956:75), pinayapa ni Dr. Valenzuela ang nagagalit na si Tirona sa pamamagitan ng pagsasabing kahit na higit na mataas ang pinag-aralan ni Tirona kay Bonifacio, kung ang kasaysayan ng mga rebolusyon ang pag-uusapan ay hindi niya mapapantayan ang bilang ng mga aklat na nabasa ni Bonifacio ukol dito.

Hindi tiyak ang kasagutang maaring ibigay ukol sa tanong na may kinalaman sa paghahambing ng lalim ng impresyong iniwan ng sekundarya at kolehiyo dahil sa kaso lamang ni Rizal ito talagang malinaw. Madalas siyang magbigay ng pahayag kung papaano siya naapektuhan sa napakaposetibong paraan ng kanyang pag-aaral ng *segunda enseñanza* sa Ateneo Municipal. Sa punto naman ng pag-aaral sa ibang bansa, muli si Rizal lamang mula sa grupong ito ang nagkaroon ng pagkakataong mag-aral sa Unibersidad ng Madrid kung saan nabanggit ngang may patunay na hindi siya nasiyahan sa mga gradong kanyang nakamit. Kahit na si del Pilar ay naparoon din sa Espanya, pagsusulat at pag-oorganisa ang kanyang pinagkaabalahan. Masasabing mahalaga ang naging papel ng mga nobelang *Noli* at *Fili* na inilathala sa labas ng bansa upang buksan ang mata nina Mabini, Bonifacio, Jacinto, marahil pati na rin si Aguinaldo (kahit na inamin niyang napasakamay man niya ang isang kopya ng *Noli* at nakakaunawa siya ng Kastila ay hindi niya tunay na nasapul ang higit na malawak na larawan ng paniniil at pang-aapi sa mga kapwa Pilipino na inilarawan sa nobela) (Quirino, 1969). Naging mainam na tagapag-ugnay naman ng mga elitista at masa sina Jacinto at Bonifacio dahil sa kanilang mga sariling sulatin sa Tagalog at pagsasalin ng mga sinulat ni

del Pilar at iba pang mga akda na nalathala sa *La Solidaridad* mula wikang Kastila tungo sa wikang Tagalog at paglalathala nito sa pahayagang *Kalayaan ng Katipunan*.

Ano ang papel na ginampanan ng Rebolusyon Pranses ng 1879 sa kamalayang rebolusyonaryo ng ating mga bayani? Naging inspirasyon ito nina Bonifacio (Agoncillo, 1956) at Mabini (Majul, 1964). Ang pamansag nito ukol sa “Kalayaan, Pagkakapantay-pantay, at Kapatiran” ay siya rin daw madalas bigkasin ng mga Pilipinong kabahagi sa Kilusang Propaganda sa Europa. Nais ko ring bigyang pagkilala sa puntong ito ang isang artikulong sinulat ni Chartier (1996: 166-187) ukol sa Rebolusyon sa Pransya na pinamagatang, “Do books make revolutions?”. Sinasabi nitong ang pagbabasa ng aklat nang mag-isa ay nagbibigay sa mambabasa ng higit na kalayaan at dahil sa paggiging di pormal ng sitwasyon ay nagbubukas ng daan upang higit na maging kritikal ang mambabasa. Nakikitang marahil ay may kinalaman ito sa pagbabasa ng *Noli* at *Fili*, mga aklat ukol sa Rebolusyon sa Pransya, pati na rin sa pagbabasa ng mga pahayagang *La Solidaridad* at *Kalayaan*. Tulad ng pagtataya ni Agoncillo (1956), makapangyarihan ang nakasulat na salita marahil hindi lamang para sa mga bayani kundi sa higit na nakararami pang Pilipinong nakapagbabasa sa Kastila o Tagalog.

Isang pang mahalagang nalaman sa pag-aaral na ito ang katotohanang lima sa anim na bayaning pinag-aralan liban lamang kay Jacinto (walang natagpuang babasahing nagsasabi nito) ay kabilang sa samahang Mason. Ayon kay Schumacher (1991: 156-157), marahil ang markadong pagiging laban ng Masoneriya sa mga kleriko ang isang naging mahalagang elemento sa pagkiling dito ng mga Pilipinong rebolusyonaryo, liban pa sa pagiging bahagi nito sa mga insureksyon sa iba't ibang dako ng mundo sa huling bahagi ng dantaon ikalabinsiyam.

Ngayong nabigyan na ng kasagutan ang mga pangunang tanong na inilahad, maari nang bigyang pansin ang pangunahing katanungang kaakibat na papel. Ito ay kung may kinalaman ang uri ng edukasyong natanggap ng mga bayaning sina Rizal, del Pilar, Mabini, Jacinto, Bonifacio, at Aguinaldo sa iba't ibang papel na ginampanan nila upang isulong ang Rebolusyong Pilipino. Kahit pa sabihing higit na literaryo ang kalikasan ng gawain nina Rizal at del Pilar, marami rin ang naisulat sina Mabini, Jacinto at Bonifacio upang ito ay mabanaag natin. Ang unang mapapansin ay kapuna-punang pagiging hitik nila sa tahasang pagbanggit

sa Diyos o di kaya'y paggamit ng istruktura ng sulating relihiyoso tulad ng "Sampung Utos ng Diyos" o kaya'y mga dasal. Maibibigay nating halimbawa para dito ang "Dekalogo" o "Katungkulang Gagawin ng mga Z. LL. B. o Anak ng Bayan" ni Bonifacio (nasa Agoncillo, 1963: 67), ang "Kartilaya" o "Mga Aral nang Katipunan ng mga A.N.B." ni Jacinto (nasa Santos, 1935: 61-62), ang "Tunay na Dekalogo" ni Mabini, at ang "Dasalan at Toksohan" ni del Pilar na nasa aklat ni Valeriano (1984: 220-224). Tila lumalabas na malinaw sa kaisipan ng mga bayani na may pagkakaiba ang Diyos sa mga prayleng siya nilang binubuntunan ng kasalanan tulad ng sulatin ni Del Pilar (1898) ukol sa paghahari-harian ng mga prayle sa Pilipinas.

Kahit ang Espanya ay hindi tuwirang binibigyang sisi sa mga pagdurusa ng bayan. Ito ay lubos na nakapagtataka sapagkat sa mga kaisipang pangrebolusyon na tinalakay sa ika-apat na seksyon ng papel, malinaw na ang Espanya ang tinatanggap na siyang dahilan kung bakit hindi makamtan ng Pilipinas ang kanyang kalayaan.

Subalit ang mga sulatin na "Katapusang Hibik ng Pilipinas" ni Bonifacio at ang "Sagot nang Espanya sa Hibik ng Pilipinas" na sinulat ni Del Pilar (1984: 235-248) ay kapwa nagpapakilala pa rin ng matinding pagkiling sa Inang Espanya.

Magbibigay liwanag ang puntong iginiit ni Majul (1968: 91) sa mga puntong pinansin sa itaas ukol sa sulatin ng mga bayani:

Ang paniniwalang ang prosesong pangkasaysayan ay ginagabayan ng Maykapal ay maaaring isa sa iilang prinsipyong matatagpuan sa alin mang kaisipang politikal ng Pilipino na nagpapahiwatig ng "isang pilosopiya ng kasaysayan." Sa katunayan walang bago sa lapit na ito: ang nasabing prinsipyo ay bahagi at kabahagi ng tradisyong Eskolastika sa linyang Tomistiko, na ang mga pangyayari sa buhay ng tao ay naaayon sa plano ng Diyos.... Dahil nga sa elemento ng Maykapal sa... nabanggit na prinsipyo, maaring ginamit ito bilang kasangkapan upang hikayatin ang mga Pilipinong ang pagsuporta sa Rebolusyon ay tungkuling kapwa makabayan at moral.

Malinaw mula rito na may tiyak na marka ng edukasyong Tomistiko ang kaisipang rebolusyonaryo ng ating mga manunulat na bayani;

patunay rin ito na may tiyak palang pagtatagpo ang edukasyong Katoliko at pagsusulong ng rebolusyon.

Sa pangmalawakan, ano nga ba talaga ang naging epekto ng edukasyon sa mga bayaning Pilipino na sa halip na maging mabubuting alagad ng mga prayleng nagkaloob sa kanila ng edukasyon ay naging mahuhusay sa filibustero at manghihimagsik? Matatagpuan natin ang paliwanag mula sa dalawang batikang manunulat ng kasaysayan na nagbigay ng kani-kaniyang pagtataya kung ano ang epekto ng karanasang edukasyunal sa pangkalahatan sa pag-ukit ng kaisipan, kamalayan, at pagkilos ng ating mga bayani. Ito ang paksain ng susunod na seksyon.

Mga Paliwanag

Una nating tunghayan ang mga ideyang inilahad ni Corpuz (1989: 108-109: 143-144):

Binuksan ng buhay sa lunsod ang kanilang (mga estudyante) kaisipan upang makitang may higit na malaki at malawak na mundo sa labas ng mga pweblong pinanggalingan nila. Naging higit silang malapit sa isa't isa dahil na rin sa mga magkakatulad na karanasan nila sa mga silid-aralan at mga dormitoryo at mga pagtitipong dinadaluhan nila. Ang mga estudyante ay nasa panahon ng kanilang buhay kung saan hindi pa nila pinagbubukud-bukod ang kanilang mga sarili batay sa propesyon o gawain, bago nila tanggapin ang umiiral na kalakaran ng buhay. Ang mga estudyante ang nasa pinakamainam na posisyong tuklasin at ituring ang kanilang mga sarili bilang Pilipino....

Sa Maynila natututunan nila ang wikang Kastila at ang isang ideya na kailan man ay hindi pumasok sa kamalayan ng mga Pilipino, ang konsepto ng "Inang Espanya"....

[S]a Europa, partikular sa Espanya: ang mga Tagalog, Ilonggo, Sebuano, Ilocano, Bicolano, at Pampango kasama ng mga mestisong Kastila at mga kreyole ay makikita ang kanilang sarili bilang mga Pilipino, kahit na hindi pa tunay na maliwanag sa kanila ang ibig sabihin nito. Gayun pa man, ang lupang kanilang sinilangan ay nagsisimula nang magkaroon ng isang tiyak at bukod na identidad doon sa Inang Espanya. Hiningi nila na pamahalaan ang Pilipinas bilang isang lalawigan ng Espanya. Lahat

sila ay nagtulong-tulong upang mapabuti ang buhay ng kanilang mga kababayan hanggang sa si Jose Rizal ng Calamba ay mawariang mauuwi lamang sa wala ang kanilang paghihirap kaya't itinulak niya sila tungo sa radikalismo habang binibigyan niya ng inspirasyon ang mga makabayang nasa Pilipinas, na di nagtagal ay nagsimula ng Rebolusyon.

Ngayon, isunod naman natin ang kay Schumacher (1991: 40-41):

Hindi lamang sa paglalagay sa kamay ng mga kabataang Pilipino ng kasangkapang tulad ng wikang Kastila, o ang humigit kumulang na kakayahan sa mga kasanayang teknikal na ipinagkaloob sa kanila ang tumiyak na ang mga institusyong pang-edukasyon sa Maynila ay pwersang magsusulong sa paglago ng kilusang makabayan. Kahit na minsan ay makitid ang pananaw na siyang kumakatawan sa Katolisismo ng ikalabinsiyam na dantaon lalo na ang simbahang Kastila at kahit na syobenistiko at kolonyalista ang pananaw na ginamit nito upang tingnan ang kasaysayan ng Espanya sa Pilipinas, ang tunay na humanistikong buod ng edukasyong natanggap ni Rizal at ng kanyang mga kasama sa literatura, agham at pilosopiya, ay naghatid sa kanila ng isang perspektibong higit na malawak sa maliit at makitid na mundo ng Pilipinas, bago pa man sila nakayapak sa mga lupaing banyaga. Ang perspektibong humanistikong ito ay lumikha ng malawak na diwang nakapagbigay ng pagkaunawa sa sariling pambansang pagkakilanlan kasama ng mga mamamayan mula sa iba't ibang bansa sa mundo, at pagkilala sa mga tunguhin bilang bansa, kahit na di pa gaanong tiyak at tunay na malinaw. Ito ay nakapagsimula at tuluyang lumago. Ang makilala ang sarili bilang bahagi ng isang higit na malawak na mundo kaysa doon lamang sa mga sariling karanasan ay nagbubukas ng diwa at kaisipan sa mga bagong larangan, upang hindi na masiyahan sa dating kaayusan ng mga bagay-bagay, at sa malao't madali ay tumingin lagpas sa abot-tanaw tungo sa bagong kaayusan. Dito ang edukasyon pangkolehiyo at unibersidad sa Pilipinas ay hindi binigo ang mga Pilipino.

Mula sa mga paliwanag na ito, maaring mahinuha na ang edukasyon ay nagkaroon ng mga di inaasahang kahinatnan na maaring di nabigyan ng kaukulang pansin ng mga nagpatupad nito. Ang paglawak ng mundo at paglipad ng diwa sa mga lunan na di pa o di kailan man maabot ay kahanga-hanga ang magagawa para sa imahinasyon nino man. Kaya nakapagtataka kaya kung matapos mabuo sa isip ng ating mga bayani

ang kanilang identidad bilang mga Pilipino ay mahinagap naman nila ang pagbubuo ng ating bansa sa pamamagitan ng isang sama-samang pagsisikap? Ito pala ang papel na ginampanan ng Unibersidad sa kanilang mga buhay.

Ngayon higit na nating mawawarian ang sagot na ibinigay ni Obispo Juan Aragonés ng Nueva Segovia sa panukala ni Gobernador-Heneral Izquierdo na higpitan ang pamantayan upang makapasok sa mga seminaryo (sinipi ni Schumacher, 1981: 18):

Hindi po sa mga seminaryo, Inyong Kamahalan, nagmumula ang pinakamasama; ito ay mula roon sa mga nag-aaral sa mga unibersidad doon at sa mga kolehiyo ng Letran at San Jose ... Bawat estudyanteng galing sa Maynila na bumabalik sa bayan ng kanyang probinsya ay isang rebelde... Tingnan ninyo na lamang iyong mga nakapag-aral na bumahagi sa mga nakalipas na insureksyon; hindi ko alam ang buong pangyayari, subalit palagay ko ay hindi ako magiging padalus-dalos kung sasabihin kong ang lahat o ang higit na nakararami ay nag-aaral sa unibersidad, at hindi sa mga seminaryo. At kung sa probinsya ay mayroong paring nabatikan ang pangalan bilang laban sa mga Kastila, ito ay isa sa mga nakapag-aral sa Maynila.

Sa ika-100 taong anibersaryo ng ating kalayaan, tanging hiling ko na sana lahat ng mga kabataang Pilipinong mag-aaral sa ating mga kolehiyo at unibersidad sa buong kapuluan ay maging matibay ang identidad bilang mga Pilipino at maging maalab ang pagmamahal sa ating Inang Pilipinas, at tulad ng ating mga bayani noong Rebolusyong 1896-1898, hindi magdadalawang isip na ipaglaban at ipagtanggol Siya sa sinumang manlulupig o anumang krisis na Kanyang haharapin. ✽

Sanggunian

- Agoncillo, T. *Andres Bonifacio: Writings and Trial*. Manila: Antonio J. Villegas & Manila Bonifacio Centennial Commission, 1963.
- _____. *Revolt of the Masses*. Quezon City: University of the Philippines, 1956.
- Agpalo, R.E. "Liwanag at Dilim: The Political Philosophy of Emilio Jacinto." Annual Lecture Professorial Chair in Political Science. University of the Philippines System, 15 December 1975. Printed by University of the Philippines Press, 1976.
- Almario., V.S. "Asterisko: Ang Etika ng Katipunan," *Filmag*, 19 Mayo 1997: 17,21.
- _____. *Patnubay sa Masinop na Pagsulat ng Sanaysay, Tesis, Disertasyon at Ibang Sulatin*. Metro Manila: National Book Store, 1981.
- Archives of the University of Sto. Tomas, Manila (AUST).

- *Diligencias de Grados*
 - *Libros de Aprobaciones de la Real y Pontificia Universidad de Santo Tomas de Manila. Principiado en 1843.*
- Bazaco, C., OP. *History of Education in the Philippines*. Manila: UST, 1953.
- Chartier, R. "Do books make a revolution?" *The French Revolution in Social and Political Perspective*. P. Jones, (ed.) London: Arnold, 1996: 160-187.
- Constantino, R. *The Philippines: A Past Revisited* vol. I. Manila, Philippines: Renato Constantino, 1975.
- Corpuz, O.D. *The Roots of the Filipino Nation* vol II. Quezon City: Aklan Foundation, Inc., 1989.
- de los Santos, E.C. "Emilio Jacinto." *Revista Filipina*, 1918.
- _____. *The Revolutionists: Aguinaldo, Bonifacio, and Jacinto*. Manila: National Historical Commission, 1973. 52
- de Quiros, C. "There's the Rub: Civics," *Philippine Daily Inquirer*, 21 April 1994: 5.
- del Pilar, M.H. *Monastic Supremacy in the Philippines*. Manila: Imprenta Don Juan Atayde, 1898.
- English, L. *English-Tagalog Dictionary*. Philippines: Congregation of the Most Holy Redeemer, 1977.
- Guerro, A. *Philippine Society and Revolution*. Quezon City: Bandilang Pula Publications, 1972.
- Kalaw, T.M. *Philippine Masonry*. trans. and ed. F. H. Stevens & A. Amechazurra. Manila, 1956.
- Lammoglia, U.G. "Letran, Seedbed of the Revolution," *Philippine Daily Inquirer*, 24 June 1997: 1, 7.
- Londres, R.C. *Lives and Memoirs: Sons of the Philippine Revolution*. Manila, Philippine Islands: Philippine Federation of Filipino Teachers, 1923: 63-64.
- Majul, C.A. *The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1968.
- _____. *Apolinario Mabini: Revolutionary*. Manila: National Heroes' Commission, 1964.
- Medina, I.R. (pat.) *Ilang Tala ukol sa Paghihigsik: 1877-1941* ni Ronquillo Valdez. Quezon City: UP Press, 1996.
- National Historical Institute. *Filipinos in History*. Vols. I & II, 1989,1990.
- Ocampo, A. "Looking Back: Enlightening Aguinaldo interview," *Philippine Daily Inquirer*, 2 January 1998: 9.
- _____. "Looking Back: Aguinaldo and Education at Letran," *Philippine Daily Inquirer*, 28 November 1997: 9.
- _____. "Mabini Loved school, Aguinaldo Didn't," *Looking Back*. 1990-a:126-127.
- _____. "How Literate was Bonifacio?," *Looking Back*. 1990-a:172-173.
- _____. "What did Jose Rizal Read?, *Rizal Without the Overcoat*. Pasig, M.M.: Anvil Publishing, 1990-b:61-62.
- _____. "Andres Bonifacio: Mito at Realidad," Panayam na binasa sa First Annual Andres Bonifacio/Parian Lectures Bulwagang Katipunan, Manila City Hall, 28 November 1989.
- Panganiban, J.M. "The University of Manila: Its Plan of Study," *La Solidaridad*. April 1889 (v. 1, 1967:149-150) Trans. by G. Fores-Guanzon Quezon City: UP Press, 1967.
- Quirino, C. *The Young Aguinaldo: From Kawit to Biyak-na-Bato*. Manila: Aguinaldo Centennial Year, 1969.

- Rizal, J. *El Filibusterismo*. Salin ni O. de Guzman. Manila: GOT Publishing, 1960:246-256.
- Santos, J. P. *Buhay at mga Sinulat ni Emilio Jacinto*. Maynila: Dr. Jose P. Benitez, 1935.
- Schumacher S.J., J.N. *The Making of A Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991.
- _____. *The Revolutionary Clergy*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1981.
- The American Heritage. *Larousse Spanish Dictionary*. New York: Berkley Books, 1987.
- Tiongson, N. "The Colonial School," *Turn of the Century*. G.C. Fernando & N. Ricio (eds.) Quezon City: GCF Books, 1978:135-141.
- Valeriano, A.B. *Marcelo H. del Pilar: Ang Kanyang Buhay, Diwa, at Panulat*. Bulakan: Samahang Pangkalinangan ng Bulakan, 1987.
- Villacorte, R.E. Letters to the Editor. "Del Pilar's Other Pseudonym," *Philippine Daily Inquirer*, 3 August 1997: 8.
- Villaroel O.P., F. Letters to the Editor. "Distinguished Alumni of Letran," *Philippine Daily Inquirer*, 7 December 1997-a:10.
- _____. *Marcelo del Pilar at the University of Santo Tomas*. Espana, Manila: UST Publishing House, 1997-b.
- _____. *Jose Rizal and the University of Santo Tomas*. Manila, Philippines: University of Santo Tomas, 1984.
- _____. "Apolinario Mabini: His Birth Date and Student Years," *UNITAS*. June 1964:1-35.